



MUSIKA

Ikalimang Baitang

Modyul 2


MGA NOTANG MAY TULDOK







Ang **tuldok** sa tabi ng isang nota ay katumbas ng kalahati ng halaga ng kumpas ng katabing nota.




Samakatuwid, ang halaga ng **notang may tuldok** ay nadaragdagan ng **kalahati ng kumpas** ($\frac{1}{2}$) ng notang kasama nito.

Halimbawa:


Ang **kapat na nota** (*quarter note*)  ay tumatanggap ng 1 kumpas. Kapag ito ay may **tuldok** (\bullet), ito ay tatanggap ng **1 $\frac{1}{2}$** kumpas.

	= 1 kumpas
	= $\frac{1}{2}$ kumpas
	= $1 + \frac{1}{2} = 1 \frac{1}{2}$ kumpas

Ang **hating nota** (*half note*)  ay tumatanggap ng 2 kumpas. Kapag ito ay may tuldok, ito ay tatanggap ng 3 kumpas.

	= 2 kumpas
	= 1 kumpas
	= $2 + 1 = 3$ kumpas

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang **halaga** o bilang ng kumpas ng mga notang may **tuldok**.





PAG-ARALAN MO

Ang awiting “Santa Clara” ay awiting bayan ng Tagalog. Inaawit ito ng mag-asawang gustong mabiyayaan ng anak. Sa Obando sila nagpupunta upang sumayaw habang umaawit.

Awitin mo rin ang “Santa Clara” habang sumasayaw ng balse.
Narito ang notasyon ng awit.

Santa Clara

Awiting Bayan - Tagalog


San - ta Cla - rang__ pi-nung-pi - no, Ang pa - nga - ko ko__

6
__ ay ga - ni - to, Pag - da - ting ko po__ sa U - ban -

11
do Ay mag - sa - sa - yaw__ ng pan - dang - go.

16
A - ru - ray, a - ra - ru - ray, ang pa - nga - ko'y tu - tu - pa - rin, A - ru -

21
ray, a - ra - ru - ray, ang pa - nga - ko'y tu - tu - pa - rin.











Suriin ang awit.

Anu-anong uri ng nota ang ginamit sa notasyon?






























Ipalakpak o itapik mo ang halaga o kumpas ng mga nota tulad ng:

-  Kapat na nota = 1 kumpas
-  Kawalong nota = 1/2 kumpas (mabilis)
-  Hating nota = 2 kumpas ()

Sa pagpalakpak ng hating nota (), isa (1) lang ang palakpak ngunit 2 ang bilang ng kumpas.

Halimbawa: 

Upang lalong madama ang kumpas, ipalakpak ang mga sumusunod habang bumibilang.

													
1	1	1	1	1	1	1	1						
													
1	2	1	2	1	2	1	2						
													
1	&	1	&	1	&	1	&	1	&	1	&	1	&


Suriin muli ang notasyon. Hanapin mo ang mga notang may tuldok (•)

tulad ng  at .

Ang tuldok (•) sa kanang tabi ng nota ay mayroon ding halaga. Ito ay kalahati (1/2) ng halaga o kumpas ng notang sinusundan.


Halimbawa:

Kapat na notang may tuldok.







Ang kapat na nota ay tumatanggap ng 1 kumpas. Kalahati ng 1 ay $\frac{1}{2}$. Kung idadagdag ang $\frac{1}{2}$ sa 1, ito ay magiging $1\frac{1}{2}$ kumpas


 $1 + \frac{1}{2} = 1\frac{1}{2}$ kumpas

Hating notang may tuldok.
 Ang kalahating nota ay tumatanggap ng 2 kumpas. Kalahati ng 2 ay 1. Kung idadagdag ang 1 sa 2 ay magiging 3 kumpas.



 $2 + 1 = 3$ kumpas

 **SUBUKIN MO**

Basahin mo at ipalapak ang bilang ng kumpas ng mga sumusunod na hulwaran.


 1 2 & 3 1 2 & 3 1 2 & 3


 1 2 3 1 2 3 1 2 3

(Isa lamang ang palakpak sa baw't  ngunit tatlo (3) ang kumpas).

 **TANDAAN MO**



Ang notang may tuldok sa tabi ay nangangahulugang nadaragdagan ang halaga o kumpas ng nota nang kalahati ng halaga nito.


Ang halaga ng tuldok ay kalahati ng halaga ng notang kasama nito.



PAGTATAYA

Lagyan mo ng bilang ng kumpas ang sumusunod na nota. Kopyahin sa papel.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.